

Pagsusuri sa mga Piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo: Mungkahing Disenyo ng Aralin

ENEMECIO H. DELA TORRE JR.

denemeciojr1@gmail.com

<https://orcid.org/0000-0003-4087-1321>

ABSTRAK

Ang pag-aaral ay pinamagatang Pagsusuri sa mga Piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo. Layuning nitong suriin ang nilalaman batay sa sumusunod: elementong napapaloob sa piling SWP ayon sa sukat, tugma, talinghaga at kariktan; temang napapaloob sa piling SWP; simbolismong taglay ng sinuring SWP. Ang pag-aaral ay nakaangkla sa Teoryang Behaviorism ni Skinner (1988) at Social Learning Theory ni Bandura at Walters (1977). Ang desinyong kwalitatibo na panunuring pangnilalaman ang ginamit sa pag-aaral.

Natuklasan sa pagsusuri sa mga piling SWP na taglay ang malayang sukat, malayang tugma, kasiningan ng pagpapahayag, pagbabahagi ng karanasan ng may-akda, pag-ibig ang tamang nakatanim sa mga SWP, at kinapapaloobang ito ng simbolismo.

Natuklasan sa pagsusuri batay sa sukat na taglay ang malayang sukat. Batay sa tugma, natuklasan na taglay ang malayang tugmaan. Batay sa talinghaga natuklasan na taglay ang kasiningan ng pagpapahayag, Natuklasan na nakatuon sa pagbabahagi sa karanasan ng may-akda. Natuklasang patungkol sa pag-ibig ang temang nakatanim sa lahat ng sinuring SWP, at kinapapalooban ng mga simbolismo.

Ang temang nangingibabaw ay patungkol sa pag-ibig. Sa pagpapalalim ng kahulugan, ang simbolismo ay maaaring makatulong upang ang ibig ipakahulugan ang maikubli. Ang pagtuturo ng wikang Filipino ay layunin ng mga guro para sa ikakaunlad ng mga mag-aaral. Magiging makabuluhan ang pagkatuto kung nagkakaroon ng motibasyon ang mga mag-aaral sa pagtamo ng kaalaman.

Batay sa nabuong konklusyon, inihain ang rekomendasyon: Iminumungkahi ang paglathala ng kinalabasan sa pag-aaral at nang mabasa ng mag-aaral at guro ang mga piling SWP. Ang guro sa Filipino ay hinihikayat na kilalanin ang makabagong paraan ng pagpapahayag sa pamamagitan ng SWP. Inirekomenda na gamitin ang mga SWP sa pagtataya sa kakayahan ng mag-aaral sa pagpapahayag ng mga kaalaman. Gamitin ang mga tauklasan sa pag-aaral bilang lunsaran sa pagpapayaman ng kasanayan sa paghuhulma ng wikang Filipino bunga ng karanasan ng mag-aaral, Inirekomenda ang paggamit ng disenyong aralin para sa pagpapalawak sa pagtuturo ng wika at panitikan.

PANIMULA

Sa mga pagbabagong naganap sa mundo, madaling nahumaling ang mga Pilipino sa mga ito na kung saan may kakaibang estilo ng pagpapahayag ng mga kaisipan. Ito ay pawang may kaugnayan sa kanilang kinagisnang natutunan sa pagpapahayag ng mga kaisipan.

Sa ngayon, dahil sa pagiging likas na malikhaing mga Pilipino lalo na ang kabataan, binabago nila ang pagbigkas ng tula tulad ng Spoken Poetry. Pinakabagong sumikat ang mga Spoken Poetry na pinangunahan ni Juan Miguel Severo sa bansa. Siya ang isa naging pundasyon upang mapalapit nang husto ang mga Pilipino sa mundo ng panitikan.

Ang Spoken Poetry ay isang uri ng panitikan na naisagawa sa pamamagitan ng pagtatanghal. Ito ay nagkukwento o nagsasaad ng iba't ibang mga istorya. Kung minsan ay malungkot at kung minsan naman ay nakapagpatawa. Ito rin ay isa sa mga tinatawag na "performance art" o pagtatanghal. Isa ring pasalitang uri ng sining at nakapokus sa estetiko o arte ng mga pisa, mga pagbigkas ng salita, mga punto at boses. Ito ay tinatawag ring "catchall" dahil sakop nito ang lahat at kahit na anong uri ng mga tulang pagbigkas gaya ng mga hiphop, jazz poetry, poetry slams, traditional poetry reading (pagbabasa ng mga tula) at maari ring samahan ng komedya o mga prosang monologo.

Bunsod nito, nahikayat ang mananaliksik na suriin ang mga elementong napapaloob sa mga piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo, temang nakapaloob, mga symbolismong taglay at nilalayon ding makabuo ng disenyong aralin at kaparaanan na magagamit sa pagbibigay-interes sa mga mag-aaral. Naniniwala ang mananaliksik na magiging makabuluhan ang pagtuturo at pagkatuto kung nakukuha ng guro ang interes ng mga

mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga materyales at paksang makakapukaw sa kanilang atensyon.

Ang Teoryang Behaviorism ni Skinner (1988) ay nakatuon sa kung ano ang kapansin-pansin: kung paano kumilos ang mga tao o kung paano baguhin o makuha ang mga partikular na pag-uugali. Ang pag-uugali ay nagbigay ng teorya ng pag-aaral na empirikal, kapansin-pansin at masusukat. Ang teoryang ito ay nakapokus sa kung paano kumilos ang tao at kung ano ang nakakaapekto at nagbabago kung paano siya kumilos. Nilimitahan ito ng mga behaviorist sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa stimulus at pagtugon. Ang isang partikular na stimulus ang dahilan sa pagbibigay ng tugon.

Sa teoryang ito ni Skinner (1988) ay kinakailangan ang stimulus upang magresulta sa pagtugon. Sa henerasyong ito ng mga mag-aaral ay hindi maikakailang mulat sila sa mga makabagong teknolohiya at impluwensya ng internet. Ang mga bagay na makikita nila sa kanilang mga kinagigiliwan ay maaaring gamiting stimulus upang mahikayat silang matuto sapagkat nakukuha nito ang kanilang interes.

Ang teoryang ito ay maaaring gamitin sa pagbuo ng disenyong pampagkatuto batay sa pinakatiyak at diskrete na hakbang sa pagkatuto. Gayon din, napakahalaga sa pagbuo ng prosesong ito ng pagtuturo sa pamamagitan ng mga bagong paraan ng mga teknolohiya. Ang ika-21 siglo ay ang panahon kung saan ang kaalaman ay ang susi sa pagpapahalagang sosyal at ekonomik. Sa kasalukuyan, ang kabataan ay tinatawag na Net Generation na lumaki sa kultura ng internet at tinitingnan ang Web bilang salik sa pakikisalamuha at trabaho (Harasim, 2017).

Ang Social Learning Theory ni Bandura at Walters (1977), na nagsasad na ang pag-uugali ng tao ay natutunan sa pamamagitan ng pagmamasid sa mga nagsisilbing modelo nito. Mula sa pagmamasid sa iba, nakabubuo siya ng bagong ideya kung paano ginaganap ang mga bagong pag-uugali at ang mga bagong impormasyong nabuo ay nagsisilbing gabay niya para sa pagkilos.

Ayon sa Teoryang Kognitibo ni Piaget (1936), ito ay isang progresibong pag-aayos ng mga proseso ng kaisipan bilang resulta ng biological maturation at karanasan sa kapaligiran. Ang mga bata ay nagtatatag ng pag-unawa sa mundo sa kanilang paligid, pagkatapos ay makaranas ng mga pagkakaiba sa pagitan ng kanilang nalalaman at kung ano ang natutuklasan nila sa kanilang kapaligiran.

Batay sa aklat ni Villanueva (1998) na pinamagatang Panitikan ng Pilipinas, “ang panitikan ay yaong tumatalakay at naghahayag ng damdamin, panagimpan at karanasan ng buhay na nasusulat sa maayos, maganda at maka-pintig damdaming pagpapahayag ng manunulat sa tunay na masining. Ito’y makikita sa realistikong pamamaraan na nauukol sa mga ideya, pagnanasa, pag-asa, panibugho na ang pinaka-ugat ng lahat ng ito ay ang pag-ibig.”

Sa aklat nina Evasco, Navarro, Ortiz at Tael (2011) na Saliksik: Gabay sa Pananaliksik sa Agham Panlipunan Panitikan at Sining, ang panitikan ay isang uri ng sining na nakasulat o itinatanghal sa malikhaing paraan. Dito naipapakilala ang kultura na mayroon sa isang lugar o bansa.

Sa aklat nina Aguilar, Buenaventura, Jocson, Pegtuan, Santos at San Valentines (2013) na pinamagatang Panitikan ng Pilipinas (Rehiyunal na Pagdulong), ang panitikan ay nagmula sa iba’t ibang nilikom na mga akda na binuo batay sa kaisipan at damdamin ng tao, lipi o nang isang lahi sa iba’t ibang panahon ng kasaysayan ng isang bayan at ng isang bansa sa kabuuan. Ayon kay Villafuerte (2009) na Panitikan ng Pilipinas: Historikal at Antolohikal Pagtalakay, ang panitikan ay talaan ng buhay sa kadahilanan na rin na sa pamamagitan nito naibabahagi ang dinadanas na buhay ng isang tao tulad ng kulturang kanyang kinabibilangan.

Ayon naman kay Scott na binanggit aklat ni Badayos (2008) na pinamagatang Metodolohiya at Pagkatuto ng/sa Filipino: Mga Teorya, Simulain at Estratehiya, sa pamamagitan ng panitikan, napapanatili ang ugnayan ng mamamayan sa lipunang ginagalawan. Ang mga mamamayan ang nagsisilbing pundasyon sa pagpapayabong ng panitikan tulad ng pagtangkilik nito.

Sa aklat ni Pagkalinawan (2006) na Panitikan sa Iba’t Ibang Rehiyon at nina San Juan, San Juan, Mag-atas, Carpio at Cabaysa (2005) na Panunuring Pampanitikan, maituturing na buhay ang panitikan sapagkat sinasalamain nito ang pamumuhay at pakikipamuhay ng mga tao sa lipunang kanyang ginagalawan. Sa kadahilang ito, nagkakaroon ng kakayahan ang makata na makabuo ng isang makabuluhan at malikhaing katha.

Sa aklat ni Evasco at Ortiz (2008) Palihan: Hikayat sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat, “ang tayutay o figurative language ay wikang nagpapahayag ng kahulugan na iba sa literal na kahulugan nito. Sa pamamagitan nito lalong napapaganda ang binubuong tula ng isang makata at nagbibigay-kawilihan sa mga mambabasa o tagapakinig dahil

nilalaman nito ang damdamin at diwa ng isang makata.” Tinutukoy nito ang wikang nagpapahayag ng malalim na kahulugan na iba sa literal na pagbibigay-kahulugan. Ito ang nagbibigay-kulay sa pisang nabuo.

Ayon kay Lineberger (2015) sa kanyang *Interpreting a Poem's Main Idea & Theme Video*, ang tema ay ang aral tungkol sa buhay ng tao na nais ng tula ipahayag. Upang maunawaang maigi ang tema, hanapin muna ang pangunahing ideyang nakapaloob sa tula sa pamamagitan ng pagsusuri sa estilo at estruktura ng tula.

Ayon sa *Symbolism & Imagery in Literature: Definitions & Examples Video* ni Howard (2013), ang mga manunulat ay gumagamit ng simbolismo sa kanilang binuong mga akda. Ito ay upang mapaganda at mapataas ang interes sa pisang binuo. Sa pagdaragdag nito, nagkakaroon ng karagdagang pagpapalalim ng mga kahulugan sa pisa.

Ayon kina Enrijo, Bola, Maniquis, Salum, Canlas, Dasig, Villaverde, Cruz, Magpantay, Gellecanao at Francia (2016), ang mga naihayag sa itaas patungkol sa mga elemento ng tula ay parte ng tulang tradisyunal. Sa pangunguna ni Alejandro G. Abadilla at ng kanyang mga tagasunod, binigyang tuon nila ang malayang pagpapahayag ng kanilang mga ideya na hindi sumusunod sa tradisyonal na gabay sa pagbuo ng tula, Partikular na sa sukat at tugma. Tinatawag ito sa kasalukuyan na modernong tula.

Sa aklat ni Bago (2014) *Curriculum Development: The Philippine Experience*, ang kurikulum ay isang mahalagang salik na nakaaapekto sa proseso ng pagtuturo para sa pagkatuto. Sa pamamagitan nito, nabubuo nang lubusan ang pagkatuto ayon sa pagtataguyod nito sa paaralan.

Batay sa *Teaching English Language and Literature in Non-native Context Electronic Document* ni Mujumdar (2010), mahalagang bigyang-tuon ang pagtuturo ng panitikan sapagkat sinasalamin nito ang mga positibong pagpapahalaga ng lahing Pilipino. Batay naman sa aklat ni Almario (2006) na *Pag-unawa sa Ating Pagtula: Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Filipino* na “kailangan ang mataas na kaalaman sa wika ng panitikan upang higit na maintindihan ang isang akdang pampanitikan.”

Ang sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas ay ginagamit bilang instrumento sa paghubog ng kamalayan at kakayahan ng kabataang Pilipino. Dito nahahasa nang husto ang kakayahan ng isang mag-aaral sa pagpapayabong ng kanyang kaalaman.

Batay sa aklat nina Burden at Byrd (2015) na *pinamagatang Methods for Effective Teaching Meeting the Needs of All Students*, ang panitikan ay itinuturo sa loob ng paaralan upang matutunan ng mga mag-aaral ang

pantikan ng bansa ngunit hindi nagiging madali ang pagtuturo nito. Ang pakikipag-interaksyon ng mga mag-aaral ay kinikilala bilang isang kritikal na aspeto ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Dagdag pa nina Burden at Byrd (2015), upang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral ay mahalagang mabigyan ng mainam na motibasyon ang aralin. Ang pagganyak ang nagsisilbing portal sa pakikipag-interaksyon. Inaasahang maghanda ang guro ng mga motibasyon na magpapasilga sa daloy ng talakayan.

Isa sa mga tinatangkilik na Kulturang Popular ng mga Pilipino ay ang Spoken Word Poetry. Batay kina Walker at Kuykendall (2005) sa kanilang aklat na *Manifestations of Nommo in Def Poetry*, "The Spoken Word is a powerful form of communicating." Ibig sabihin, sa pamamagitan ng Spoken Word Poetry ay nagkakaroon ng pagkakakilanlan ang isang tao na kung saan hahantong sa pagbuo ng isang malikhaing pisa o makapagpapabago sa buhay.

Batay sa aklat ni North (2008) na *What is Spoken Word Poetry*, ang Spoken Word Poetry o kung minsan tinatawag na Slam Poetry ay tulang nailathala sa papel ngunit dinisenyo para sa norpagganap sa entablado sa harap ng madla. Dahil sa ito ay ginaganap sa harap ng madla, ito ay nagbibigay-diin sa paggamit ng ritmo, bakis o pagbigkas nang walang paghahanda, libreng kalipunan ng mga salita, tugmaan, word play at slang.

Dagdag ni North (2008). Walang partikular na mga patakaran sa pagganap ng mga performer. Dahil dito, sa paghahambing sa tradisyonal na anyo ng tula, ito ay madalas na itinuturing na mas agresibo at direkta. Upang igiit ang kahalagahan ng kanilang layunin at sana ay malaman nila ang bigat ng bawat karanasan o problemang ibinahagi nila, naging mahalaga sa mga performers na ipahayag ang kanilang nabuong sulatin sa isang lantad at tuwirang pagbibigay ng punto. Ang tula ay isang paraan upang tulungan na makilala o magkaroon ng pangalan o identidad ang isang tao.

Ayon sa aklat nina Smith at Kraynak (2009) na pinamagatang *Stage a Poetry Slam: Creating Performance Poetry Events*, ang Poetry Slam ay inilarawan bilang isang paraan ng "pagtugon sa modernong kalagayan ng tao sa pamamagitan ng paghahatid ng buhay ... personal, pampulitika, panlipunan at espirituwal na mga alalahanin habang hinahalina ang madla sa pamamagitan ng kasanayan at nakaaaliw na pagsasagawa ng pagganap."

Sa aklat ni Ladd (2008) na *Intonational Phonology*, maaaring magkaroon ng isang malaking epekto sa wika at pagsasalita ng komunidad ang tono o himig ng isang tao. Ibig sabihin, may makabuluhang epekto ang tono o himig ng isang tao sa paglalahad ng kanyang kaisipan sa madla.

Masasabing ang lahat ng manunulat ay may angking talento sa pagpapahayag ng kanilang akda. May kanya-kanya silang paraan at istilo sa binuong sulatin. May gumagamit ng mga hindi pamilyar na mga salita at simbolismo upang mahikayat ang mga nakikinig o bumabasa na mag-analisa nang husto upang maintindihan ang ibig ipakahulugan. Mayroon ding manunulat na gumagamit ng tayutay upang mas maging malikhain at kaakit-akit ang binuong sulatin. Tinatawag ang mga istilong ito na istylistiko.

Batay sa aklat ni Arikan (2015) na *Doing Stylistic Analysis: Some Fundamental Techniques*, na sa istylistikong pagsusuri, layunin ang pagpapaliwanag kung paano nabubuo ang mga katugunan at damdamin gamit ang mga salita na makikita sa teksto. Ginagabayan nito ang isang tao upang makabuo ng wastong katugunan ukol sa isang isyung binasa. Sa pagsusuring istylistiko, lubusang makikilala ng isang tao ang isang manunulat. Maaaring ang ilan sa mga karanasan na isinulat sa kanyang akda ay naranasan na niya sa totoong buhay. Maaari rin na kung ano ang pinaniniwalaan na mayroon ang isang manunulat ay lantarang inihahayag sa kanyang likhang akda. Samakatwid, ang likha nito ang nagsisilbing repleksiyon sa kung ano at sino siya sa totoong buhay. Lubusang maunawaan ang isang akda ng isang tao kapag susuriin at aalamin ang istilo nito sa pagsusulat.

Ayon kay Bohol (2015) na pinamagatang *Kaalaming Pambokabularyo ng mga Mag-aaral sa FLorante at Laura: Isang Kabuluhang Pangwika*, ang kwalidad ng pagtuturo ay magiging sandigan upang ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay magiging mabisa at mabunga. Ang interes ang pinakamahalagang instrumento upang magkaroon ng isang kwalidad na mag-aaral. Napansin ang isa sa mga dahilan kung bakit nawawala ang interes ng mga mag-aaral ay dahil sa kakulangan ng sapat na pag-unawa sa aralin.

Ayon sa pag-aaral ni Tenn-Yuk (2014) *Where My Girls At? A Critical Discourse Analysis of Gender, Race, Sexuality, Voice and Activism in Ottawas's Capital Slam Poetry*, dumarami ang mga makatang babae. Sa loob 2008-2010 at 2012-2014, ang mga makata ay gumagamit ng makasaysayang elemento ng slam poetry gaya ng pagkukwento at

pagsasalita sa pamamagitan ng mga personal na karanasan. Gamit ang pagkukwento ay nagbibigay ng kakahayan ang mga makata na umakit, kumonekta at pakikipag-usap sa madla, pati na rin ang ipakita ang kanilang mga iba't ibang pagkakakilanlan, diskurso at mga estilo ng pagganap.

Natuklasan naman sa pag-aaral ni Dill (2013) na pinamagatang "The Safest Place": Anti-oppression in Spoken Word Poetry, nagkakaroon ng positibong epekto ang Spoken Word, sa pamamagitan nito nagsisilbi itong panglunas o healing, pagpapapalakas sa sarili o empowerment, personal at interpersonal na pagbabago, at anti-oppressive na mga kataga ay may kapaki-pakinabang na epekto sa mga respondente mismo. Ibinahagi rin ng mga respondente na ang pakikinig sa anti-oppressive na mga kataga ay maaaring magkaroon ng isang tiyak na epekto, na nagpapakita ng potensyal ng tula para sa interpersonal at pagbabago ng lipunan, at sa partikular na pagkakaisa.

Ayon naman sa isinagawang pag-aaral ni Stewart (2017) na pinamagatang *The Performance of Feminist and Decolonial Critique: Spoken Word Poetry as an Affirmative and Popular Practice in the Public Space*, ang Spoken Word Poetry ay bilang isang sagot at karaniwang pamamaraan sa pagpuna sa pamamagitan ng pagtugon sa binigkas na salita ng pintor bilang isang mahalagang aktor na gumagamit ng paggawa ng kuwento, reklamasyon ng wika at personal na salaysay para sa Feminista at/o pagiging malaya na dahilan, pati na rin ang koneksyon na ang art form ay may pampublikong espasyo, spectatorship at ang maramdaming papel ng madla.

Sa pag-aaral naman ni Escoto (2013) na pinamagatang *Who We are when We Say We are: The Politics of Slam Poetry*, ang pag-aaral na ito ay tumutukoy sa mga ideya ng tao tungkol sa kung paano ang mga Spoken Word Poetry at slam ay hindi lamang ay isang laro; maaari din itong maging isang paraan ng pagpapagaling o nagsisilbing lunas sa sarili. Ipinapakita sa pagsasaliksik na ito kung gaano kalaki ang epekto ng isang identidad sa paligsahang tula — kundi pati na rin ang mga epekto ng paggaling at reklamasyon ng sarili sa bahaging iyon. Dagdag pa ni Escoto (2013), batay sa interbyu niya sa isa sa kabataan mula sa isang Juvenile Detention Center na ginagamit ng kabataan ang spoken word upang maglabas ng tensyon, harapin ang kanilang mga kamalian, at harapin ang kanilang mga pagkabilanggo.

Lumabas naman sa pag-aaral ni Bellamy (2014) sa kanyang pag-aaral tungkol sa *Identity Performance and Space in the Albuquerque*

Poetry Slam Scene, ayon sa kanyang data analysis, mayroong limang pangunahing paksa o tema na nagpapahayag ng mga pinahalalagahan na sa loob ng lipunan (pagiging tunay o authenticity, mabuting pag-uugali o influencing change, konstruksyon ng lipunan, kumakatawan sa mga multivocality, at pagiging isang makata). Ipinapakita rin sa kinalabasan ng kanyang pag-aaral na nakapagpapatibay sa pagkakalilanlan ng makata ang pagbuo ng isang spoken poetry.

Natuklasan ni Fraser (2006) sa kanyang pag-aaral na *The Creative Potential of Metaphorical Writing in the Literacy Classroom - English Teaching: Practice and Critique*, sa kanyang pag-aaral, ang paggamit ng matatalinghagang salita ay gumagawa ng isang melodiko at malakas na ekspresyon ng mga konsepto at mga pagpapalagay na nabuo ng isang makata. Sa pamamagitan nito, naipapakita ang kagandahan ng kanyang binuong tula.

Ang pag-aaral ni Hasanah (2012) na pinamagatang “An Analysis of Figurative Language in the Madman,” mahalagang unawaing maigi muna ang mga tayutay na ginagamit sa tulang binabasa bago intindihin ang kabuuan ng tula. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga tayutay ay mauunawaan nang malinaw ang tunay at buong kahulugan, mensahe at maging ang tema ng tula.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Alvarez at Mearns (2014) na pinamagatang *The Benefits of Writing and Performing in the Spoken Word Poetry Community*, iminungkahi nilang gamitin ang Spoken Word sa pagkonekta sa komunidad, pagpapalago ng emosyon sa sarili at kawilihan sa pagsusulat at pagtatanghal dahil sa nakatutulong ito sa pagiging balanse ang pang-araw-araw na buhay. Ang aspeto ng pagganap ng binibigkas na tula ng salita ay tila upang makapagbigay ng maraming benepisyo na hindi makikita sa sulat lamang, tulad ng suporta sa lipunan sa pamamagitan ng pagkonekta sa iba.

Base sa resulta ng pag-aaral ni Michalko (2012) na *The Effect of Spoken Word Poetry on the Development of Voice in Writing*, natuklasan na sa pagsulat, ang paggamit ng Spoken Word Poetry sa silid-aralan ay may epekto sa pagpapaunlad ng pagsasalita. Bunga nito, dapat kasama sa mga tagapagturo ang binigkas na salita ng tula sa kanilang kurikulum ng pagsusulat. Ang Spoken Word Poetry ay isang kasangkapang isinusulat na tumutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagganap at pagsusuri sa kanilang sarili.

Natuklasan naman nina Scarbrough at Allen (2014) sa kanilang pag-aaral na pinamagatang *Writing Workshop Revisited: Confronting Communicative Dilemmas through Spoken Word Poetry in a High School English Classroom*, nagsasaad na ang paglahok sa kritikal na pamamaraan ng literasiya tulad ng Spoken Word Poetry ay maaaring maiangat ang mga workshop patungkol sa mga sulatin sa paraan na ang highlight ay tungkol sa sining ng pagtuturo ng literasi tungkol sa kultura at pampulitikang katangian.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Kesselring (2016) *Making Transformative Space: Exploring Youth Spoken Word as a Site of Critical Pedagogy*, natuklasan na ang Poetic Shift sa Spoken Poetry ay nagsisilbing isang platform para sa kabataan upang lumahok sa mga paraan ng pagbubuo at pagsasaayos ng kanilang pagkakakilanlan.

Sa pag-aaral ni Törnqvist (2019) patungkol sa *Speaking through poetry-Using spoken word poetry to lower speaking anxiety among Swedish EFL learners*, natuklasan na ang pagbibigay sa mga estudyante ng pagkakataong pumili sa pagitan ng pagsusulat at pagsasagawa ng grupo o sa kanilang sarili ay may pinakamalaking epekto sa kanilang motibasyon na magtagumpay. Ang isa pang salik na may malaking epekto sa panghihikayat ng mga mag-aaral na magsagawa ay ang pagkaunawa ng mga tula. Ang gayong mga resulta ay tinatalakay, at iminumungkahi na ang mga tagapagturo na gustong gumamit ng mga Spoken Word Poetry sa kanilang pagsasanay sa silid-aralan ay dapat na nagtutuon sa pag-aakma ng kanilang pagtuturo sa mga pangangailangan ng mag-aaral, at mas maraming oras ang dapat gamitin sa pagbabasa ng tula kaysa sa pagsulat ng mga ito.

Para sa katuparan ng pag-aaral na ito, nilalayong masagutan ang mga sumusunod na katanungan: (1) Anong mga elementong napapaloob sa mga piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo batay sa sukat, tugma, talinghaga at kariktan?; (2) Ano ang temang napapaloob sa mga piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo?; (3) Ano-ano ang mga simbolismong taglay ng mga sinuring Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo?; at (4) Anong disenyo ng aralin ang maimumungkahi batay sa kinalabasan ng pag-aaral?

METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang “Qualitative” na uri ng pananaliksik ay isang pamamaraan sa pagsasaliksik na gumagamit ng kritikal na pag-iisip upang makapaglikha ng panibagong anyo ng paglalarawan hinggil sa pangangailangan. Ang kwalitatibong pananaliksik ay may kakayahang maiayos ang iba’t ibang tekstong paglalarawan at pagpapaliwanag kung paano nakaranas ang mga tao sa isang suliranin na batay sa inilahad na pananaliksik. Ang kwalitatibong content analysis ang ginamit sa pag-aaral na ito. Sa pamamaraang ito, matutukoy kung mayroon bang makabuluhang ugnayan ang mga ganitong anyo ng paglalahad ng panitikan sa kanyang lipunang ginagalawan at mayroon bang mahalagang papel ang ganitong anyo ng paglalahad ng panitikan sa pagbubuo ng tiwala sa sarili upang magkaroon ng pang-akit sa sambayanang Pilipino.

Ang mananaliksik ay nagsagawa ng pananaliksik ng mga pisa ni Juan Miguel Severo sa kasalukuyang panahon na tinatawag na “spoken word poetry” na siyang ginamit na instrumento sa pag-aaral na ito. Pinili lamang ang limang (5) pisang nakapagtamo ng pinakamataas na bilang ng manonood sa YouTube. Pagkatapos, isinangguni ang nasabing mga pisa sa mga lupon ng tagapagsusulit ng tesis at gayundin sa tagapayo ng mananaliksik at ito ay binigyan ng pahintulot.

Talahanayan 1. Propayl ng mga Napiling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo

Pamagat	Sanggunian sa YouTube	Petsa ng Paglimbag	Bilang ng Nanonood
Ito na ang Huling Tula na Isusulat Ko Para Sa'yo	https://bit.ly/2PQ3yGR by Words Anonymous	Marso 28, 2015	5.3 M
Mga Basang Unan	https://bit.ly/36zGj9Y by Words Anonymous	Hunyo 29, 2015	2.4 M
10 Bagay na Natutunan Ko mula sa mga Umiibig	https://bit.ly/2pu9BWR by ABS-CBN Entertainment	Setyembre 25, 2015	2.3 M
Kapag Sinabi Kong Mahal Kita	https://bit.ly/2NaYT0d by ABS-CBN Entertainment	Oktubre 16, 2015	2 M
Naniniwala Ako	https://bit.ly/2oKTTGn by Seven Opulenz Productions	Nobyembre 11, 2014	1.6 M

Sanggunian: YouTube.com

Petsa: Nobyembre 4, 2019

Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw lamang sa limang (5) piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo. Naniniwala ang mananaliksik na ang bilang na ito ay sasapat na para sa gagawing pag-aaral. Sa pagpili ng mga Spoken Word Poetry, bumuo ang mananaliksik ng pamantayan na ipinawasto at ipinarebisa kung kinakailangan sa kanyang tagapayo. Ito ang mga sumusunod: (1) Kinakailangang hindi bababa sa isang milyong views ang mga akda ni Juan Miguel Severo na pagkukunan ng mga Spoken Word Poetry; (2) Ang mga ito ay mula sa mga orihinal na akda ni Juan Miguel Severo at; (3) Ang pangunahing wikang ginagamit ay wikang Filipino. Naglilimita lamang ito sa pagsusuri ng antas ng wika, uri ng paglalarawang ginamit at ang dimensyon ng pagkatao ang naipamamalas nito.

Ang pag-aaral na ito ay isang pagtatangka na pag-aralan at masuri ang mga piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo upang magamit bilang batayan sa pagpaunlad ng panitikan at paghubog sa interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit nito sa mga talakayang pang-klasrum.

Tinipon ng mananaliksik ang limang (5) Spoken Word Poetry. Ang mananaliksik ay sumuri at nilapatan ng impormasyon sa tulong ng sariling gawang katanungan na isinangguni at pinahintulutan ng tagapayo ng mananaliksik. Ito ay binuo upang matiyak ang pagiging balido ng pagpapakahulugang ginawa ng mananaliksik. Sa pagbuo ng pamantayan para sa pagwawasto sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik, bumuo ng sariling gawang katanungan na ginamit sa pagwawasto na makikita sa Apendiks B.1.

Pagkatapos maisagawa ang pagsusuri, ang mga ginawang pagsusuri ng mananaliksik ay igagawa ng mananaliksik ng talahanayan upang maging malinaw ang paglalahad ng mga suring nabuo at mula sa mga talahanayan ng mga suri gagawan ng mananaliksik ng masusing pag-aanalisa upang makabuo ng mga natuklasan, kongklusyon at rekomendasyon.

Ang pag-aaral na ito ay sumailalim sa pagsusuri ng Komite ng Etika ng Institusyon. Magsusumite ang mananaliksik ng parsyal na papel sa Komite ng Etika upang matiyak ang pagsaalang-alang sa mga karapatang pang-etika. Sinunud ng mananaliksik ang mga tiyak na patnubay ng pananaliksik na itinatag at ipinag-uutos ng nasabing komite. Ang mga pamamaraan ng pananaliksik at iba pang mga pagsasaalang-alang sa koleksyon ng datos ay bibigyang konsiderasyon. Ang ginamit na mga datos sa pag-aaral na ito ay napapabilang sa sekondaryang hanguan sapagkat

ang mga napiling Spoken Word Poetry ay kinuha mula sa YouTube. Ang mga video ay na-upload at maaaring batayan ng sinumang madla kung kaya maituturing na ang lahat ng mga ito ay pampublikong dokumento.

PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Pagsusuri sa Elementong Napapaloob sa mga Piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo Batay sa Sukat. Sa pagsusuring ginawa, nakita na ang mga akda ay naglalaman ng malayang sukat. Makikita na mas binibigyang diin ng may-akda ang pagpapalawig ng naiisip at damdamin ng may-akda kaysa sa pagbibigay tuon sa pagbibigay ng sukat nito. Ito ay nagbibigay ng kagandahan sa binabahaging mga ideya para sa naturang mga mambabasa dahil sa estilo at paraan ng pagbibigkas ng tula. Nakaugnay ito sa pag-aaral ni Ladd (2008) na may malaking papel ang pagbibigay ng tono sa paglalahad ng mga sariling ideya para mapaganda ang pisang binubuo. Dagdag pa rito, sumasang-ayon din ito sa pag-aaral ni Tenn-Yuk (2014) na binigyan ng pagkakataon ang may-akda na mapadaloy ang kanyang mga ideya sa kung anong estilo ng pagpapahatag ang kanyang ninanais.

Pagsusuri sa Elementong Napapaloob sa mga Piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo Batay sa Tugma. Batay sa sinuring mga pisa, nakita na sa malayang tugmaan ang mga sinuring Spoken Word Poetry. Sa pamamagitan ng malayang pagbibigkas ng mga salita ay napapagyaman ang literasiya ng mga mag-aaral gamit ang mga Spoken Word Poetry na nakaugnay sa pag-aaral ni Scarbrough at Allen (2014). Kaugnay nito, iniugnay rin ito sa pag-aaral ni Michalko (2012) na may pagkakataon na matutong makapagsalita ang isang mag-aaral dahil sa pagsusulat niya ng isang komposisyon ng tula na naaayon sa kanyang sarili.

Pagsusuri sa Elementong Napapaloob sa mga Piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo Batay sa Talinghaga. Batay sa pagsusuri, ang mga nasabing pisa ay naglalaman ng mga talinghaga na nagpapayabong na mapaganda lalo ang tula na sumasang-ayon sa pag-aaral ni Fraser (2006). Ang may pinakamaraming nilalamang talinghaga sa Ito na ang Huling Tula na Isusulat Ko Para Sa'yo na nagpayabong sa malikhaing pag-iisip ng may-akda. Ang tulang Kapag Sinabi Kong Mahal Kita ay may kunting nilalaman na mga talinghaga. Naitatago at

binibigyang ng pagkakataon ang mga mambabasa o nakikinig na suriin ang mga ito. Dugtong naman dito, kumukonekta din ito sa lumabas sa pag-aaral ni Hasanah (2012) na mahalagang unawaing maigi muna ang mga tayutay na ginagamit sa tulang binabasa bago intindihin ang kabuuan ng tula. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga tayutay ay mauunawaan nang malinaw ang tunay at buong kahulugan, mensahe at maging ang tema ng tula.

Pagsusuri sa Elementong Napapaloob sa mga Piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo Batay sa Kariktan. Sa pagsusuri ng mga nasabing pisa ay parehong naglalaman ng malayang sukat, tugma, talinghaga at simbolismo ang mga ito. Ang bawat pisang sinuri ay may kanya-kanyang istilo ng pagpapahayag ng mga ideya. Ito ay nakabatay sa kung ano at ninais ng may-akda na iparating sa mga babasa o makikinig.

Ang nilalaman ng mga pisa ay napakaagresibo at direkta. Naobserbahan na binigyang-buhay ang tunay na damdamin na namamayani sa puso at isipan ng may-akda (Smith at Kraynak, 2009). At nabibigyang ng pagkakataon na maipalabas ng may-akda ang kanyang mga saloobin at mga ninais na ipahayag nang may identidad na nagsisilbing panlunas sa kanilang mga matitinding nararamdaman at ito ay sumasang-ayon sa pag-aaral ni Escoto (2013). Kaugnay nito, nagkakaroon ng koneksyon sa pagitan ng mambabasa o nakikinig na sumasang-ayon sa pag-aaral nina Alvarez at Mearns (2014).

Temang Napapaloob sa mga Piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo. Nakita sa pagsusuri na ang mga nasabing pisa ay nagbibigay-tuon patungkol sa pag-ibig. Ang pagkakabahagi ng may-akda ay halaw sa kanyang mga karanasan na bukas-palad niyang isiniwalat para sa lahat. At ito ay tumutukoy sa pagiging makatotohanan ng may-akda sa kanyang mga pisang binuo na sumasang-ayon sa pag-aaral ni Bellamy (2014). Ito ay naglalayong magbigay ng aral sa iba. Dahil sa temang nakapaloob, napapabilang ito sa personal at interpersonal na pagbabago, at nagsisilbing panlunas na umaayon sa pag-aaral ni Dill (2013) para mabawasan ang sakit at pighati na na sa loob ng puso.

Mga Simbolismong Taglay sa mga Piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo. Ang mga sinuring Spoken Word Poetry ay naglalaman ng mga simbolismong nakatutulong sa pagpapakita ng malikhaing pag-iisip ng may-akda. Sa tulong nito, masining na naipapahayag ang mga ideya ng may-akda. Ito ay upang mapaganda at mapataas ang interes sa pisang binuo. Sa pagdaragdag nito, ayon kay Howard (2013), nagkakaroon ng

karagdagang pagpapalalim ng mga kahulugan sa pisa ng tula at lalong napapaunlad ang kasiningang taglay nito.

KONKLUSYON

1. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, natuklasan ng mananaliksik na sa pagsusulat ng isang tula, nabibigyang halaga nito ang malayang pagpapalabas ng kanilang damdamin na hindi sumusunod sa wastong sukat at tugma. Mas nagkakaroon ng kalayaan ang mga kamay na maisiwalat ang ninais ipahayag sa mga mambabasa o makikinig. Ang hindi pagsunod sa wastong sukat at tugma ay hindi hadlang upang mapahayag ang tunay na nararamdaman ng isang manunulat. Binibigyan ng pagkakataon ang isang manunulat na matamo ang kalayaan sa pagsusulat.
2. Ang temang nangingibabaw ay patungkol sa pag-ibig. Binabahagi nito ang lahat ng karanasang pinagdaanan ng may-akda na makikita sa bawat saknong na nakaukit sa bawat tula. Sa pamamagitan nito, naisisiwalat ang katotohanan sa isang naturang buhay. Nakapagbibigay ng aral at kaalaman sa mga nagnanais na bumasa o makinig sa mga tulang sinuri.
3. Sa pagpapalalim ng kahulugan, ang simbolismo ang maaaring makatulong upang ang ibig ipakahulugan ang maikubli sa dilim. Hinahayaang sisirin ng mga bumabasa o nakikinig ang lalim ng pag-iisip ng may-akda. Bunga nito, masining na nahahasa ang angking galing sa pagkukubli ng mga tunay na kahulugan ang isang manunulat.
4. Ang pagtuturo ng wikang Filipino ay layunin ng mga guro para sa ikakaunlad ng mga mag-aaral. Magiging makabuluhan ang pagkatuto kung nagkakaroon ng motibasyon ang mga mag-aaral sa pagtamo ng kaalaman. Kinakailangan malinang ang paggamit ng mga materyales na nakakatulong sa pagpapayabong ng mga aralin. Nakatutulong ang paggamit ng mga piling Spoken Word Poetry ni Juan Miguel Severo dahil nakukuha nito ang interes ng mga mag-aaral kaya nagiging masigla ang daloy ng pagkatuto sa loob ng klase.

REKOMENDASYON

Batay sa mga nabanggit na konklusyon, inihain ng mananaliksik ang sumusunod na rekomendasyon:

1. Iminumungkahi ng mananaliksik ang paglathala ng kinalabasan ng pag-aaral at nang mabasa ng mga mag-aaral at guro ang mga piling Spoken Word Poetry na maaaring gamitin at pagbatayan ng mga guro sa pagtamo ng karagdagang estratehiya sa pagtuturo ng tula sa asignaturang Filipino.
2. Ang mga guro sa Filipino ay hinihikayat na kilalanin ang makabagong paraan ng pagpapahayag ng tula sa pamamagitan ng Spoken Word Poetry. Dapat ng sumabay ang mga guro sa pagbabagong nagaganap sa lipunan nang hindi mapag-iwanan ng panahon. Mapatitibay nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo at pag-aanalisa sa tula. Sa madaling sabi, mapapataas nito ang kalidad ng motibasyon sa pagtuturo ng wikang Filipino.
3. Inirerekomenda na gamitin ang mga Spoken Word Poetry sa pagtataya sa mga kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat at pagpapahayag ng kanilang mga kaalaman. Dahil nahahasa ang kanilang pagiging malikhain sa malayang pagpapahayag ng kanilang mga ideya na mula sa puso at damdamin. Dahil napapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang ninanais sa masining na paraan na may malayang taludturan.
4. Malaking maiaambag ang natuklasan ng mananaliksik sa pagpapayaman ng kasanayan sa paghuhulma ng wikang Filipino bunga ng karanasan ng mga mag-aaral. Upang mapalawak ang kagalingan sa paghuhulma ng mga salita sa Filipino ay inirerekomendang gawing batayan ang paggamit ng mga Spoken Word Poetry sa aralin.
5. Inirerekomenda ang paggamit ng disenyong aralin na makatutulong sa pagpapalawak ng pagtuturo ng wika at panitikan.

SANGGUNIANG BANGGIT

Aguilar, R., Buenaventura, E. M., Jocson, M. O., Pegtuan, Z. M., Santos, D. C. at San Valentinches, L. S. (2013). *Panitikan ng Pilipinas: Rehiyunal na pagdulog*. Pareto, Metro Manila: Grandbooks Publishing Inc.

- Almario, V. S. (2006). *Pag-Unawa sa Ating Pagtula: Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Filipino*. Anvil Pub.
- Alvarez, N., & Mearns, J. (2014). The benefits of writing and performing in the spoken word poetry community. *The arts in psychotherapy*, 41(3), 263-268. Retrieved from: <https://bit.ly/2SvmkCu>
- Arikan, A. (2015). Doing stylistic analysis: some fundamental techniques. 15. *ULUSLARARASI DEYİŞBİLİM SEMPOZYUMU*, 126. Retrieved from: <https://go.aws/2vwe3Y6>
- Badayos, P. B. (2008). *Metodolohiya at pagkatuto ng/sa Filipino: Mga teorya, simulain at estratehiya*. Valenzuela City, Metro Manila: Mutya Publishing House Inc.
- Bago, A. L. (2014). *Curriculum development: the Philippine experience*. De La Salle University Press.
- Bandura, A., & Walters, R. H. (1977). *Social learning theory* (Vol. 1). Englewood Cliffs, NJ: Prentice-hall. Retrieved from: <https://bit.ly/2lmmgRa>
- Bellamy, E. H. (2014). Identity Performance and Space in the Albuquerque Poetry Slam Scene. Retrieved from: <https://bit.ly/2LAXPDF>
- Bohol, A. I. (2015). *Kaalamang pambokabularyo ng mga mag-aaral sa Florante at Laura: Isang kabuluhan pangwika*. Southern Leyte State University – Tomas Oppus, Southern Leyte.
- Burden, P. R. at Byrd, D. M. (2015). *Methods for effective teaching: Meeting the needs*
- Dill, C. (2013). *“The safest place”: Anti-oppression in Spoken Word Poetry* (Doctoral dissertation, University of Saskatchewan). Retrieved from: <https://bit.ly/38kpTSt>
- Enrijo, W. A., Bola, A. B., Maniquis, A. B., Salum, R. T., Canlas, J. D. R., Dasig, M. J. R., Villaverde, S. A., Cruz, J. A., Magpantay, R. C. S., Gellecanao, J. O., & Francia, M. L. (2016). *Panitikang Pilipino –*

- ikawalong baitang: Filipino – Modyul para sa Mag-aaral*. Vibal Group Inc.
- Escoto, J. A. (2013). *Who we are when we say we are: the politics of slam poetry* (Doctoral dissertation, San Diego State University). Retrieved from: <https://bit.ly/2ImAscW>
- Evasco, E. Y. at Ortiz, W. P. (2008). *Palihan: Hikayat sa panitikan at malikhaing pagsulat*. Quezon City, Metro Manila: C & E Publishing, Inc.
- Evasco, E. Y., Navarro, A. M., Ortiz, W. P. at Tael, M. J. B. (2011). *Saliksik: Gabay sa pananaliksik sa agham panlipunan, panitikan at sining*. Quezon City, Metro Manila: C & E Publishing Inc.
- Fraser, D. (2006). The creative potential of metaphorical writing in the literacy classroom. *English Teaching: Practice and Critique*, 5 (2), 93-108. Retrieved from: <https://bit.ly/325bM0p>
- Harasim, L. (2017). *Learning theory and online technologies*. Taylor & Francis.
- Hasanah, U. (2012). An Analysis of Figurative Language in the Madman by Kahlil Gibran. *Bachelor of Education (English), Faculty of Teacher Training and Education, Madura University*.
- Howard, M. (2013). *Symbolism & imagery in literature: Definitions & examples video*. Retrieved from: <https://bit.ly/34oZ7qn>
- Kesselring, J. (2016). *Making Transformative Space: Exploring Youth Spoken Word as a Site of Critical Pedagogy* (Doctoral dissertation, Arizona State University). Retrieved from: <https://bit.ly/2Gq5b8q>
- Ladd, D. R. (2008). *Intonational phonology*. Cambridge University Press.
- Lineberger, J. (2015). *Interpreting a poem's main idea & theme video*. Retrieved from: <https://bit.ly/2NBXNtr>
- Michalko, K. (2012). The Effect of Spoken Word Poetry on the Development of Voice in Writing. Retrieved from: <https://bit.ly/30SnjQ1>

- Mujumdar, S. (2010). Teaching English language and literature in non-native context. *Language in India: Strength for Today and Bright Hope for Tomorrow*, 10. Retrieved from: <https://go.aws/2TEwkKD>
- North, G. (2008). What is spoken word poetry. *The Nelson-Atkins Museum of Art*. Retrieved from: <https://bit.ly/2PJsJLa>
- Pagkalinawan, L. C. (2006). *Panitikan sa iba't ibang rehiyon*. Valenzuela City, Metro Manila: Mutya Publishing House Inc.
- Piaget, J. (1936). The Origins of Intelligence in the Child (M. Cook, Trans.) Penguin, New York. *Original work published, 1977*.
- San Juan, G. P., San Juan, C. P., Mag-atas, R. U., Carpio, P. S., & Cabaysa, W. G. (2005). *Panunuring Pampanitikan*. Booklore Pub.
- Scarbrough, B., & Allen, A. R. (2014). Writing workshop revisited: Confronting communicative dilemmas through spoken word poetry in a high school English classroom. *Journal of Literacy Research*, 46(4), 475-505. Retrieved from: <https://bit.ly/2GriVjt>
- Skinner, B. F. (1988). *The selection of behavior: The operant behaviorism of BF Skinner: Comments and consequences*. CUP Archive.
- Smith, M. K., & Kraynak, J. (2009). *Stage a Poetry Slam: Creating Performance Poetry Events-Insider Tips, Backstage Advice, and Lots of Examples*. Sourcebooks, Inc.
- Stewart, J. A. (2017). *The Performance of Feminist and Decolonial Critique: Spoken Word Poetry as an Affirmative and Popular Practice in the Public Space* (Masters thesis). Retrieved from: <https://bit.ly/32BwiXy>
- Tenn-Yuk, J. (2014). *Where My Girls At? A Critical Discourse Analysis of Gender, Race, Sexuality, Voice and Activism in Ottawa's Capital Slam Poetry Scene* (Doctoral dissertation, Université d'Ottawa/University of Ottawa). Retrieved from: <https://bit.ly/2JRcMOL>
- Törnqvist, S. (2019). Speaking through poetry-Using spoken word poetry to lower speaking anxiety among Swedish EFL learners. Retrieved from: <https://bit.ly/2qbbcRb>

- Villafuerte, P. V. (2009). *Panitikan ng Pilipinas: historikal at antolohikal na pagtalakay*. Potrero, Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
- Villanueva, Z. (1998). *Panitikan ng Pilipinas*. Merriam & Webster Bookstore, Inc.
- Walker, F. R. at Kuykendall, V. (2005). Manifestations of nommo in Def Poetry. *Journal of Black Studies*, 36(2), 229-247. Retrieved from: <https://bit.ly/2oNa9jY>